JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Hustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuson


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 8

## Paggamit ng Pangkalahatang Sanggunian



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maricel T. Adapon
**Editor:** Divina D. Gallogo
**Tagasuri:** Elenita S. Trumata
**Tagaguhit:** Maricel T. Adapon
**Tagapamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD; CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD; CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Josephine L. Tomboc, EdD – Education Program Supervisor - Filipino
Florencio R. Caballero, DTE – LRMDC Education Program Supervisor



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang paggamit ng pangkalahatang sanggunian sa pagtitipon ng mga datos na kailangan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakagagamit ng pangkalahatang sanggunian sa pagtitipon ng mga datos na kailangan. **(F6EP-IVg-6)**



# Balikan

Hulahan kung ano ang mga nasa kahon.

| Isang bagay ito na larawan o imahe na may kinalaman sa ating mundo. |
|---|

1. ______________________

| Nagpapakita ng dami o estruktura ng isang sistema sa pamamagitan ng isang hanay batay sa hinihingi ng |
|---|

2. ______________________

| Naglalarawan ng lokasyon, hugis at distansya. Ito ay nakatutulong sa pagbibigay direksyon. |
|---|

3. ______________________

| Ito ang pinakamabisang paraan sa paglalarawan ng mga datos o impormasyon sa biswal na representasyon. |
|---|

4. ______________________


| Mabilis itong magbigay ng mahahalagang datos kung malakas ang iyong signal. |
|---|

5. ______________________



# Tuklasin

A. Pansinin at pag-aralan ang larawan. Ito ay naglalaman ng mga iba't ibang uri ng aklat. Nakagagamit ka na ba ng mga ganitong aklat? Saan mo kaya maaaring gamitin ang mga aklat na ito?




Ang mga aklat ay mahahalagang bagay at malaki ang maitutulong nito upang maisangguni ang mga katanungan, bagay, o impormasyon na gustong malaman at matuklasan.

B. Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Pag-aralan kung anong sanggunian ang maaari mong gamitin sa mga ito.

1. Si Mario ay may sinusulat na lathalain ng mga bansa. Nais niyang hanapin ang mapa ng pinakamalayong bansa sa daigidg. Ano ang gagamitin niya?
   ( Almanac, Atlas, Encyclopedia)
2. Gagamitin mo ang Almanac dahil may gusto kang malaman tungkol sa ________ ng pangyayari.
   ( petsa, bilang, tao)
3. Nahihirapan si Marlang gamitin sa pangungusap ang salitang "himagsikan". Gusto niyang malaman ang kahulugan nito upang maintindihan niya at maisulat niya ito nang wasto sa pangungusap. Ano ang maaari niyang gamiting sanggunian?
   ( Diksiyunaryo, Atlas, Encyclopedia)
4. Si Allan ay isang manunulat ng kanilang school paper sa Filipino. Gusto niyang pag-aralan ang naging pangyayari at kaganapan sa panahon ng Martial Law sa Pilipinas. Ano ang maaari niyang gamiting sanggunian?
   ( Almanac, Dyaryo/Pahayagan, Encyclopedia)
5. Si Ben ay inatasang magsaliksik ng kanyang kagrupo sa mga sangkap sa lulutuin nilang atsarang papaya sa Home Economics. Sinabihan din siyang i-download ang video kung paano ito lutuin. Anong sanggunian ang gagamitin niya?
   ( Encyclopedia, Internet, Dyaryo/Pahayagan)



# Suriin

Ang pangkalahatang sanggunian ay ang mga bagay na maaari nating mapagkukunan ng impormasyon. Narito ang mga uri ng pangkalahatang sanggunian.

- Diksyunaryo




Pinagkukunan ng kahulugan, baybay o ispeling, pagpapantig, bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita, pinanggalingan ng salita, at nakaayos ito nang paalpabeto.

- Atlas





Aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansya at lokasyon ng lugar. Ipinakikita rito ang mga anyong-lupa at anyong tubig na matatagpuan sa isang lugar. Ito ay nakaayos ayon sa pulitika, rehiyon o estado.

- Encyclopedia




Set ng mga aklat na nagtataglay ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay at mga artikulo tungkol sa katotohanan.

- Almanac




Aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasyon tungkol sa mga punto ng kawilihan, mga pangyayari sa isang bansa, palakasan, relihiyon, pulitika at iba pa.

- Dyaryo/ Pahayagan




Ito ay isang uri ng babasahing naglalaman ng mahahalagang balitang pambansa, pandaigdig, lathalain, anunsyo, at marami pang iba. Ito ay

may iba’t ibang bahagi.

- Internet

  Teknolohiyang maaaring pagkukunan ng impormasyon at mahahalagang datos gamit ang kumpyuter, tablet, o piling telepono. Isa rin ito sa pinakamalawak at epektibong halimbawa ng Pangkalahatang Sanggunian dahil halos lahat ng katanungan mo sa kahit na anong paksa ay madaling makikita dito at bukod pa dito halos lahat ng tao ay may kakayahang gamitin ito.

- Mapa

  Isang palapad na drowing ng mundo o ng bahagi nito.

- Globo

  Isang maliit na replika ng mundo.



# Pagyamanin

A. Isulat sa patlang kung anong sanggunian ang maaaring gamitin upang alamin ang mga sumusunod na impormasyon.

_____________ 1. Pinakaunang balita sa araw na ito.
_____________ 2. Kahulugan ng salitang “alamat”.
_____________ 3. Pagsaliksik ng mga mayayamang tao sa mundo gamit ang cellphone.
_____________ 4. Detalyadong impormasyon tungkol sa pinakamataas na bundok sa buong mundo.
_____________ 5. Gustong makita ang mga iba’t ibang bahagi ng mundo.
_____________ 6. Pag-alam sa kahulugan, kasaysayan at istilo ng paglililok.
_____________ 7. Pagbabaybay at pagpapantig sa salitang “Teknolohiya”.
_____________ 8. Mga bansa sa kontinenteng Asya at mga lugar nito.
_____________ 9. Gustong makita ang aktuwal at buong-buo ang mundo.
_____________ 10. Mga palabas na sumikat noong taong 2012.

B. Ibigay ang mga uri ng pangkalahatang sanggunian ayon sa ipinapakita ng larawan.



1. ________________



2. ______________





3. ______________






4. ______________





5. ______________




6. ______________



7. ______________



8. ________________



9. ________________





10. ________________

C. Ibigay ang kahulugan o gamit ng mga pangkalahatang sanggunian na nakasulat sa ibaba.

1. Mapa
2. Dyaryo/Pahayagan
3. Globo

4. Atlas
5. Diksyunaryo
6. Internet
7. Almanac
8. Encyclopedia



# Isaisip

Ang mga uri ng pangkalahatang sanggunian na mapagkukunan ng mga mahahalagang datos at impormasyon na kailangan ay:

- Diksyunaryo
- Atlas
- Encyclopedia
- Almanac
- Dyaryo/Pahayagan
- Internet
- Mapa
- Globo



# Tayahin

A. Isulat sa patlang ang **TAMA** kung wasto ang gamit ng sanggunian at isulat ang **MALI** kung hindi wasto.

______ 1. Ang Atlas ay aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansiya, at lokasyon ng mga lugar.ito ay nakaayos ayon sa pagkakahatang pampulitika, rehiyon, o estado.

______ 2. Isang aklat na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Makikita rin dito ang mga artikulo tungkol sa mga katotohanan sa isang bagay, tao, pook, o pangyayari. Ang aklat na ito ay Almanac.

______ 3. Pinagkukunan ng kahulugan, baybay, o ispeling, at nagpapantig ng salita; bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita, pinanggalingan ng salita; at nakaayos ito ng alpabeto ang Diksiyunaryo.

______ 4. Ang Encyclopedia ay aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasyon tungkol sa mga punto ng kawilihan, mga pangyayari sa ibang bansa, palakasan, relihiyon, politika, at iba pa.

______ 5. Teknolohiyang mabilis pagkukunan ng mahahalagang datos at impormasyon. Napapanahon ang Internet lalong-lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng tunog at video.

B. Basahin at unawain ang bawat tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Mga aklat o babasahin na karaniwang unang binabasa upang makakalakap ng mahahalagang detalye o impormasyon sa isang paksa.
   A. Pahayagan B. Sanggunian C. Diksiyunaryo D. Atlas

2. Isa itong aklat patungkol sa heographiya na may detalyadong impormasyon tungkol sa iba't ibang bansa at kontinente ng buong mundo.
   A. Atlas B. Mapa C. Globo D. Alamanac

3. Ito ay ang mga magkakabit na kompyuter network na maaaring na maaaring gamitin ng mga tao sa buong mundo. Dinadala nito ang mga iba't ibang impormasyon at serbisyo, katulad ng online chat at magkakaugnay na mga pahina World Wide Web.
   A. Internet B. Sanggunian C. Wifi D. Signal

4. Ang aklat na ito ang nagbibigay impormasyon sa atin tungkol sa pagtaas at pagbaba ng tubig dagat at maging ang pagbabago ng buwan, pagsikat at paglubog ng araw.
   A. Atlas B. Encyclopedia D. Dyaryo D. Almanac

5. Ang mga aklat na katulad ng Almanac, Atlas, Diksyunaryo at Encyclopedia ay mga halimbawa ng ________________.
   A. Aklat ng Kaalaman C. Pangkalahatang Sanggunian
   B. Aklat ng Karunungan D. Sagradong aklat

# Karagdagang Gawain

A. Ibigay ang sangguniang maaaring gamitin na makatutulong upang malaman ang mga sumusunod na impormasyon. Isulat ang sagot sa patlang.

__________ 1. Alamin ang mga kompanyang nangangailangan ng kawani o empleyado.

__________2. Gustong malaman kung sino ang pinakamalaking tao sa mundo.

__________3. Alamin ang sukat at haba ng karagatang Pasipiko.

__________4. Pag-alam sa salitang "pintakasi" sa salitang English.

__________5. Pangulo ng Estadod Unidos noong taong 2010.

B. Pagtambalan ang sanggunian at impormasyong maaring makuha dito.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ____ 1. Atlas | a. Aklat ng mga salita na may kahulugan at baybay. |
| ____ 2. Encyclopedia | b. Aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansya at lokasyon ng lugar. |
| ____ 3. Diksyunaryo | c. Ipinapakita nito ang eksaktong posisyon ng daigdig na nakahilig sa aksis nito. |
| ____ 4. Globo | d. Naglalaman ng malalawak at makatotohanang impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. |
| ____ 5. Almanac | e. Naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga relihiyon sa bawat taon. |

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain:**

**A.**

1. Dyaryo/Pahayagan
2. Encyclopedia
3. Atlas
4. Diksyunaryo
5. Almanac

**B.**

1. B  2. D  3. A  4. C  5. E

**TAYAHIN:**

| **A.** | **B.** |
|---|---|
| 1. TAMA | 1. B |
| 2. MALI | 2. A |
| 3. TAMA | 3. A |
| 4. MALI | 4. D |
| 5. TAMA | 5. C |

**PAGYAMANIN:**

| **A.** | **B.** |
|---|---|
| 1. Dyaryo/Pahayagan | 1. Dyaryo/Pahayagan |
| 2. Diksyunaryo | 2. Diksyunaryo |
| 3. Internet | 3. Encyclopedia |
| 4. Encyclopedia | 4. Almanac |
| 5. Mapa | 5. Atlas |
| 6. Encyclopedia | 6. Mapa |
| 7. Diksyunaryo | 7. Encyclopedia |
| 8. Atlas | 8. Globo |
| 9. Globo | 9. Internet |
| 10. Almanac | 10. Atlas |

**C.** (iwasto kung akma o naglalahad ng tamang ideya ang sagot.)

1. Palapad na larawan ng mundo.
2. Babasahing naglalaman ng mahahalagang balitang Pambansa, Pandaigdig, anunsyo at iba pa.
3. Maliit na replika ng mundo.
4. Aklat ng mga mapang nagsasabi ng lawak, distansiya at lokasyon ng lugar.
5. Pinagkukunan ng kahulugan, baybay, pagpapantig ng mga salita na nakaayos ito nang paalpabeto.
6. Mapagkukunan ng impormasyon gamit ang kumpyuter, tablet at piling telepono.
7. Aklat na nagtataglay ng pinakahuling impormasyon tungkol sa mga pangyayari sa isang bansa, palakasan, relihiyon, pulitika at iba pa.
8. Set ng mga aklat na nagtataglay ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay at artikulo tungkol sa katotohanan

**TUKLASIN:**

1. Atlas
2. petsa
3. Diksyunaryo
4. Almanac
5. Internet

**BALIKAN:**

1. Globo
2. Almanac
3. Atlas
4. Mapa
5. Internet

# Sanggunian


“Nagagamit ang pangkalahatang sangunian." Accessed D”cember 2020. https://www.coursehero.com/file/44183931/july-19-2019-Nagagamit-ang-pangkalahatang-sanggunian-Copypptx/.

Aizenikuta. “Filipino 6 sanggunian.” Published January 15, 2017. https://www.slideshare.net/aizenikuta/fil-6-sanggunian-71023676.

Department of Education. *Learners’ guide.* Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies.* Philippines: Department of Education, 2020.

Department of Education. *Teachers’ guide.* Philippines: Department of Education, 2016.

Ki. “Pangkalahatang sanggunian kahulugan at halimbawa.” Posted December 8, 2020. https://philnews.ph/2020/12/08/pangkalahatang- sanggunian-kahulugan-at-halimbawa/.

Libed, Marlo. “Iba’t ibang uri ng sanggunian (nakabubuti o nakasasama).” June 19, 2020. Youtube video, 9:22. https://www.youtube.com/watch?v=NImlDHrPbyA.

*Map example.* Accessed December 2020. https://www.churchofjesuschrist.org/study/scriptures/bible-maps/map-sample?lang=tgl.

*Open world globe.* Accessed December 2020. https://ph.lovepik.com/image-401507540/open-season-globe.html.

Paz, Irene. “Pangkalahatang sanggunian.” Published 2013. Accessed December 2020. https://pt.slideshare.net/irenepaz1/pangkalahatang-sanggunian/4.

Roa, Marie Jaja. “ICT 9 pangangalap ng impormasyon gamit ang ICT.” Published August 6, 2018. https://www.slideshare.net/mariejajaroa/ict-9-pangangalap-ng-impormasyon-gamit-ang-ict-108754722.